Nagbigay ang Johnson & Johnson ng Pahayag sa Parusang Hatol noong Pebrero 6 sa New Jersey

Pebrero 6, 2020

New Brunswick, NJ –Nakikiisa kami sa lahat ng may kanser, at nauunawaan naming naghahanap ng mga sagot ang mga pasyente at ang kanilang mga pamilya. Makakatiyak ang mga consumer na kinukumpirma ng mahigit 40 taon ng mga independiyenteng siyentipikong pagsusuri na ang Johnson's Baby Powder ay ligtas, walang asbestos at hindi nagdudulot ng kanser.

Ang hatol ngayong araw ay sumasalungat sa deka-dekadang ebidensyang nagpapakitang ang Kumpanya ay kumilos nang responsable, ginabayan ng matatag na agham, at ginamit nito ang pinakamahusay na pagsubok na mayroon para sa talc nito.

Mabilis kaming tutugon sa pamamagitan ng apela sa parehong yugto ng paglilitis na ito batay sa maraming legal na pagkakamali na nagpakita sa hurado ng hindi nauugnay na impormasyon at pumigil sa kanilang makinig sa makabuluhang ebidensya. Bago ang hatol na ito, ang mga hurado sa nakalipas na apat na paglilitis tungkol sa talc ay napag-alamang pabor sa Johnson & Johnson at nagpasya silang ang sakit ng nagsasakdal ay hindi dulot ng aming talc. Nagbibigay-diin ang track record sa paglilitis na, kapag pinayagang pakinggan ang buong ebidensya, nauunawaan ng karamihan ng mga miyembro ng hurado na kinukumpirma ng agham na ligtas ang Johnson's Baby Powder. Hanggang ngayon, ang bawat hatol laban sa Kumpanya na sumailalim sa proseso ng mga apela ay naibaligtad.

###